

*Impormasyon para sa mga Komunidad na Multikultural*

## **QUEENSLAND TRANSCULTURAL MENTAL HEALTH CENTRE (QTMHC)**

**Metro South Addiction and Mental Health Services (MSAMHS)**

### **Sino kami:**

Kami ay isang dalubhasaang serbisyo sa buong estado na nagtatrabaho upang matiyak na ang mga taong galing sa iba't-ibang kultura ay makakatanggap ng tamang pangangalaga at suporta para sa kalusugan ng pag-iisip at ang serbisyong natatanggap ay sumasagot sa kanilang indibidwal na pangangailangan.

### **Kabayaran:**

Walang babayaran

### **Lugar ng serbisyo:**

Lahat ng lugar sa Queensland

### **Mga kasama sa paggawa:**


- mga taong nanggaling sa iba't-ibang kultura at wika
- mga taong may ibat-ibang edad
- mga taong nakakaranas ng mga problema sa damdamin, panlipunan o pangkaisipan
- mga miyembro ng pamilya na may problema sa kalusugan ng pag-iisip at nakakatanggap ng pangangalaga at suporta sa kalusugan ng pag-iisip
- mga nagbibigay ng serbisyo sa pangangalaga at pagkalunas ng mga taong may problema sa kalusugan ng pag-iisip
- mga pangkat kultura sa komunidad upang tumulong sa mas mabuting pagkakaunawa tungkol sa kalusugan at kapakanan ng pag-iisip at ang mga serbisyong maaaring magamit

### **Permiso:**

Kailangang magbigay ng permiso ang taong nakakaranas ng problema sa kalusugan ng pag-iisip upang makapagtrabaho kami ng deretsahan sa kanya. Kailangan din ang permiso sa tao kung may kahilingang makikipagtrabaho sa mga kapamilya. Kung ang tao ay may peligro sa kanilang sarili o sa iba, may pagtatasang gagawin kahit wala nang permiso ayon sa Batas sa Kalusugan ng Pag-iisip 2016.

### **Ang mga ginagawa namin:**

- Gusto naming maintindihan ang mga paliwanag at epekto ng kultura (pati relihiyon) sa kalusugan ng pag-iisip. Ito ay makakatulong sa mga doktor sa kalusugan ng pag-iisip sa kanilang pagdedesiyon tungkol sa pagkalunas at pangangalaga.
- Kami ay nagbibigay ng impormasyon tungkol sa kalusugan ng pag-iisip sa mga indibidwal at kapamilya upang makatulong sa kanila na maiintindihan ang kanilang sakit at kung paano nila makakayanan ito.

- 
- Kami ay nagpapasanay at nagbibigay ng mapagkukunan sa mga boluntaryo ng mga pangkat sa kultural na komunidad upang makatulong na maibsan ang nakakahiyang imahe tungkol sa sakit sa pag-iisip at pagpapakatiwakal, dagdag na kakayahan sa pagtanggap sa mga bagong kultura at mas mahusay na kaalaman tungkol sa mga serbisyo para sa kalusugan ng pag-iisip.
  - Kami ay nagbubuo ng mga sesyong pang-edukasyon sa komunidad tungkol sa mga paksa sa sakit ng pag-iisip at kapakanan katulad ng kung papaano makakatulong ang mga pinuno ng kultural na komunidad sa pag-uugnay ng mga tao sa mga serbisyo.
  - Kami ay gumagawa at nakikibahagi ng impormasyon tungkol sa kalusugan ng pag-iisip at kapakanan sa maraming wika.

### **Paano kami tumutugon sa kultura?**

Mayroon kaming mga maraming kulturang trabahador mula sa mahigit 160 na pangkat ng mga kultura at wika. Iniuugnay namin ang mga trabahador na ito sa mga nagbibigay ng mga serbisyong pangkalusugan ng pag-iisip upang makakatulong sila sa pangangalaga sa kalusugan ng pag-iisip.

### **Pagkontak sa amin:**

***Lahat ng tao ay maaring tumawag sa QTMHC (kasama na ang mga indibidwal, kapamilya, o nagbibigay serbisyo)***

Telepono: (07) 3317 1234 o 1800 188 189 (Labas ng kalunsuran ng Brisbane)

Oras ng opisina: Lunes hanggang Biyernes, 8:30nu - 4:30nh

Lugar: Level 2, 228 Logan Road, Woolloongabba QLD 4102

Email: [QTMHC@health.qld.gov.au](mailto:QTMHC@health.qld.gov.au)

Website: <https://metrosouth.health.qld.gov.au/qtmhc>